



ORDINANSA NG MATIWASAY NA PAG-IISKEDYUL

SMC 14.22

Sinasaklawan ang mga empleyadong binabayaran para sa kada oras ng pagtatrabaho sa mga establisamiyento ng serbisyo sa retail at pagkain na may mahigit 500 empleyado sa buong mundo

Ang mga restaurant na nagbibigay ng kumpletong serbisyo ay dapat na mayroon ding mahigit 40 lokasyong nagbibigay ng kumpletong serbisyo sa buong mundo

EPEKTIBO MULA HULYO 1, 2017



Tapat na pagtatantya.

Para sa paparating na taon, dapat magbigay ang employer ng nakasulat na pahayag ng average na oras ng pagtatrabaho ng isang empleyado sa bawat linggo at kung dapat asahang magkakaroon ng mga on-call na shift.



Karapatang humiling na magkaroon ng input sa iskedyul ng trabaho.

Bago ipaskil ang iskedyul ng trabaho, dapat pahintulutan ng employer ang mga kahilingan sa iskedyul na nauugnay sa pangunahing kaganapan sa buhay (transportasyon, tirahan, iba pang trabaho, edukasyon, pangangalaga sa iba, at pangangalaga sa sarili para sa malulubhang kundisyon ng kalusugan ng empleyado) maliban na lang kung tutukoy ang employer ng naaangkop na dahilang pangnegosyo (malaking gastusin o pagkaantala sa negosyo).



Paunang abiso ng iskedyul ng trabaho.

Dapat ipaskil ng employer ang mga iskedyul ng trabaho 14 na araw bago ang pagkakaroon nito ng bisa.



Karapatang magpahinga sa pagitan ng mga shift sa trabaho.

Dapat magbayad ang employer ng time-and-a-half para sa anumang oras na gugugulin sa mga shift sa pagitan ng pagsasara at pagbubukas (closing) na may wala pang 10 oras na pagitan.



Access sa mga oras para sa mga kasalukuyang empleyado.

Bago kumuha ng mga bagong empleyado, 3 araw dapat na magpaskil ang employer ng abiso ng mga available na oras at dapat ay ialok niya muna ang trabaho sa (mga) kwalipikadong kasalukuyang empleyado. Maaaring magkaroon ng mga pagbubukod.

Premium na sweldo para sa mga pagbabago sa iskedyul ng trabaho matapos ipaskil ang iskedyul.



- ▶ **Mga karagdagang oras:** Dapat magbayad ang employer para sa isang karagdagang oras, maliban pa sa kinitang sweldo.
- ▶ **Mga ibinabawas na oras:** Dapat bayaran ng employer ang kalahati ng mga oras na hindi ginugol sa trabaho, maliban pa sa kinitang sweldo, para sa mga regular at on-call na shift.
- ▶ **Mga pagbubukod sa mga kinakailangan para sa premium na sweldo:**

- » Palugit na oras para sa mga pagdaragdag o pagbabawas ng 15 minuto o mas maikli pang oras.
- » Kung hihiling ang empleyado ng mga pagbabago sa iskedyul at/o makikipagpalit siya ng shift sa isa pang empleyado.
- » Pagbabawas ng employer ng oras dahil sa mga isyu sa disiplina.
- » Kung hindi masisimulan o maipagpapatuloy ng employer ang pagpatakbo dahil sa mga kaganapan gaya ng pagpalya ng mga pampublikong utility, kalamidad, o hindi magandang panahon.
- » Pagtanggap ng empleyado ng mga karagdagang oras bilang tugon sa employer
 - ▶ Pangmaramihang komunikasyon tungkol sa mga karagdagang oras dahil hindi makakapagtrabaho ang nakaiskedyul na empleyado; o
 - ▶ Pakikipag-ugnayan sa pangkat nang personal tungkol sa mga karagdagang oras na kasunod ng kasalukuyang shift ng empleyado dahil sa mga hindi inaasahang pangangailangan ng customer.

Nalalapat ang batas na ito sa mga empleyado anuman ang kanilang status sa immigration.

Dapat ay sumunod ang mga employer sa batas na ito. Hindi maaaring makasanayan ng mga employer na mag-iskedyul nang hindi sapat. Illegal ang pagpaparusa dahil sa paghahain ng reklamo o hinaing. Ang Seattle Office of Labor Standards ay nagbibigay ng mga pagsasalalin ng wika, interpretasyon, at tulong para sa mga taong may kapansanan kapag hiniling ito.

Mga Employer

Mga pribado at libreng serbisyo, kabilang ang teknikal na tulong at pagsasanay.

Mga Empleyado

Mga pribado at libreng serbisyo, kabilang ang pagsasanay, intake, at pagsisiyasat –o– maghain ng demanda sa korte.

Makipag-ugnayan sa Amin

206-684-4500
www.seattle.gov/laborstandards

HANAPIN DITO ANG IYONG WIKA Amharic/ አማርኛ Arabic/ عربي Chinese/ 中文 Khmer/ ភាសាខ្មែរ Korean/ 한국어 Oromo/ Oromiffa Somali/ af Soomaali Spanish/ Español Tagalog Thai/ ไทย Tigrinya/ ትግርኛ Vietnamese/ Tiếng Việt at marami pa.